P20.00 | Tomo 5 Bilang 5 | ISSN No. 2599-5405 | Setyembre-Oktubre 2018

# SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI



Interesadong nakikinig ang mga miyembro ng CARD SME Bank sa diskusyon ng kanilang Account Officer. Ito ay tinatawag na Credit with Education (CwE), ang karagdagang serbisyo ng CARD MRI sa mga kliyente nito upang hubugin silang maging responsableng indibidwal at maging sa kanilang komunidad. *Kuha ni Neliza Largueza.*

# 39K MSMEs nakakuha ng suporta mula sa P3 program ng CARD, Inc.

ni *Raffy Antes*

Mahigit 39,000 *micro, small,* at *medium enterprises* (MSMEs) sa bansa ang kasalukuyang tumatanggap ng serbisyong pampinansyal mula sa Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc. (A Microfinance NGO) sa pakikipagtulungan nito sa programang Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3) ng Department of Trade and Industry (DTI).

Noong 2017, pumirma ang CARD, Inc. ng *memorandum of understanding* kasama ang DTI upang maging partner ng gobyerno sa pagpapalakas ng pampinansyal na serbisyo ng mga miyembro ng P3 *program.*

"Ang pakikipagtulungang ito ay parte ng layunin ng CARD na tiyaking lumalago ang MSMEs at sa pagbuo ng isang bansang malaya sa kahirapan. Ang kahirapan ay isang masalimuot na isyu, kaya naman, ang pakikipagtulungan sa mga organisasyon at tanggapan ng gobyerno na may katulad ng misyon sa CARD ay isang mahalagang bagay upang maisakatuparan ang ating layunin," ani Flordeliza L. Sarmiento,

▶ 2

## CARD MBA, naghalal ng bagong Board of Trustees

ni *Neliza Largueza*

Naghalal ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ng bago nitong Board of Trustees (BOTs) sa katatapos na 19th Annual General Membership Meeting (AGMM) ng Asosasyon na ginanap sa

▶ 3

## P9.2 milyong relief assistance ibinigay sa mga apektadong pamilya ng bagyong Karding

ni *Neliza Largueza*



*Nagkaisa ang mga kawani at kasapi ng CARD upang tulungan ang mga nasalanta ng bagyong Karding.*

Inilabas na ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang kabuuang halaga na P9.2 milyon para sa 30,874 na kliyente ng CARD MRI na naapektuhan sa pananalasa ng hanging habagat na pinalakas ng bagyong Karding (Yagi).

Ang mga pamilyang ito ay kliyente ng apat na institusyong pinansiyal ng CARD MRI – 11,052 mula sa CARD, Inc., 341 mula sa CARD Bank, Inc., 1,350 mula sa CARD SME Bank, Inc., at 18,131 mula sa CARD MRI Rizal Bank, Inc.

Kasabay ng pagbibigay ng *relief goods* ay ang pagsusuri ng mga dokumento para sa *life* at *non-life insurance* na sabay-sabay na isinagawa sa 106 na opisina at tanggapan ng apat na institusyong

▶ 4







Scan this QR code to visit CARD MRI website

## 39K MSMEs nakakuha ng suporta mula...

◀ 1

managing director ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang organisasyong binubuo ng 21 institusyon kung saan ang CARD, Inc. ay kabilang sa mga ito.

**P3 initiative ng CARD**

Sa programang ito, pinahayag ni Sarmiento na hindi tumatanggap ang CARD ng anumang suportang pampinansyal mula sa gobyerno. "Ginagamit namin ang sarili naming pondo para dito," dagdag niya.

Binibigyan ng prayoridad ng programa ang mga *market vendors* at *agri-businessmen* sa 20 lalawigan sa ilalim ng programang P3 ng gobyerno: Sorsogon, Zamboanga Sibugay, Negros Oriental, Leyte, Catanduanes, North Cotabato, Western Samar, Eastern Samar, Northern Samar, Mountain Province, Lanao del Norte, Lanao del Sur, Agusan del Sur, Siquijor, Zamboanga del Norte, Sultan Kudarat, Bukidnon, Maguindanao, Sarangani, at Sulu.

"Ang mga *microentrepreneurs* na ito ay maaaring kumuha ng *loan* hanggang P100,000 na may abot-kayang *interest rate*," ani Jocelyn D. Dequito, executive director ng CARD, Inc.

Ang *loan* na ito ay maaaring bayaran sa loob ng 12 buwan. Maaari itong bayaran araw-araw o lingguhan ayon sa kakayahan ng *microentrepreneurs*.

"Ito ay nakaalinsunod sa aming regular na serbisyong *microfinance*," dagdag ni Dequito.

Maaaring makuha ng mga kliyente ang *loan* sa loob ng 24 na oras, alinsunod sa alituntunin ng CARD. Ayon kay Dequito, ito ay paraan nila upang labanan ang *lenders* na napakabilis magbigay ng *loans* sa mga tao ngunit labis magpatubo.

"Isinaayos namin ang aming mga proseso para maging kapaki-pakinabang at tutugon kaagad sa nagbabago-bagong pangangailangan ng mga kliyente," sabi ni Dequito.

**Lumalagong negosyo**

Noong Setyembre 3-4, 2018, si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chairman emeritus ng CARD MRI, ay bumisita sa mga benepisyaryo ng P3 ng CARD sa Tagum City at Koronadal City.

Ang CARD MRI, ayon kay Dr. Alip, ay nakatuon sa pagwawaksi ng kahirapan. "Ang pagbibigay ng *access* sa pampinansyal na pangangailangan ng mga pamilya ay ang unang hakbang tungo sa pag-unlad. Nagagalak kaming makita ang aming mga kliyente na umuunlad sa kani-kanilang mga negosyo."

Ayon kay Edlyn Soronez, isang benepisyaryo ng P3 mula sa Tagum City, ang programang ito ay nakatulong sa pagpapalaki ng kaniyang *flower shop business.* "Nagpapasalamat ako na isa ako sa mga benepisyaryo ng programa. Maaari na ako ngayong bumili ng sapat na *stocks* para sa lumalaking bilang ng aking mga kliyente."

Bukod dito, nagpapasalamat din si Nelly Pabillon na siya ay binigyan ng P28,000 *loan* ng CARD para sa *vegetable trading* niya sa Koronadal City Public Market.

Binigyang-diin ni Dr. Alip na ang mga *microentrepreneurs* na ito ay may kakayahang baguhin ang kurso ng kanilang mga buhay kapag nabigyan sila ng *access* sa *asset ownership.* "Umaasa kami na sa pamamagitan ng aming programang *microfinance* at ng P3 *initiative* ng gobyerno, mas maraming pamilya ang magkakaroon ng sariling *assets,* makakapag-invest sa mga negosyo, at makapag-iipon para sa hinaharap," ani Dr. Alip.

Ginagarantiya rin ng CARD na ang P3 *initiative* ay magpapatuloy. "Kahit na ang kasunduan ay sa CARD, Inc. lamang, hinimok na rin namin ang aming tatlong bangko na tumanggap ng mga potensyal na kliyente para sa P3 program," pagsisigurado ni Dr. Alip.

Mula noong Hulyo 2018, ang CARD, Inc. ay nakapagbigay na ng kabuuang P450.9 milyong *loans* sa 39,384 na kliyente.

Ang CARD MRI ay naglalayong lipulin ang kahirapan sa bansa. Mayroon itong tatlong bangko - ang CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI Rizal Bank, Inc., na mayroong operasyon sa ilang lungsod na sakop din ng CARD, Inc.

"Kaisa kami ng gobyerno sa paglaban sa kahirapan sa bansa. Magagawa lamang ito kung ang lahat ng pampribado at pampublikong sektor at ang komunidad ay nagtutulungan," pagtatapos ni Dr. Alip.




Nagbigay ng karagdagang P100-milyong pondo ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc., (A Microfinance NGO) kasabay ng muli nitong pakikiisa sa Department of Trade and Industry (DTI) noong Biyernes, ika-5 ng Oktubre bilang suporta sa programang Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3). Sa mismong pirmahan ng Memorandum Of Understanding (MOU) ay personal na binati ng kalihim ng DTI na si Secretary Ramon M. Lopez ang CARD, Inc. sa matagumpay na implementasyon ng programang P3.

Ang nasa larawan ay sina (kaliwa-kanan) Small Business Corporation Treasury Group Head Juliet Calimlim, VP ng Small Business Corporation Melvin E. Abanto, DTI Secretary Ramon Lopez, CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento, CARD, Inc. Executive Director Jocelyn Dequito, at CARD MRI Director for Partnerships at International Group Jean Pauline B. Landicho.



## Bisita, kaibigan!

ni Je'iro Lazareo Aclan

Binisita ni Joe Higdon ang CARD MRI noong Nobyembre 2, 2018, Biyernes. Kasama ni Higdon si Julie McCarthy, isang mamamahayag para sa *National Public Broadcast.* Kasama sa mga binisita nila ang CARD MRI Paulino building, CARD-MRI Development Institute (CMDI) Bay Campus, at *demo farm and facility* sa Lalao, Bay. Bukod dito, nakilahok din sila sa pagtitipon ng CARD MBA Board of Trustees. Si Higdon ay kilalang kaagapay ng CARD MRI sa mga programa at adhikain ng institusyon lalo't higit sa kaniyang adbokasiya sa edukasyon.

Patuloy ang suportang ibinibigay niya sa *scholarship program* ng CARD MRI sa pamamagitan ng Rocking Moon Foundation. Isa rin siya sa mga tumulong upang mapatayo ang dalawang gusali sa CMDI Bay.

Gusto mo ba ng matibay at eco-friendly na tsinelas at sandals?




*For more details, just contact or visit us at:*
Pinamalayan, Oriental Mindoro and
Brgy. Calo, Bay, Laguna
0947-417-7973
FB: @Bahagfootwear

WE ARE ALSO OPEN FOR FRANCHISE!

# CARD, Inc., tumanggap ng parangal sa 2018 Balikat ng Bayan Awards

ni *Neliza Largueza*




Pinarangalan ang CARD, Inc. bilang *Best Servicing* and *Collecting Partner Agent* ng Social Security System (SSS) sa idinaos na 2018 Balikat Bayan Awards noong ika-21 ng Setyembre 2018.

Ang CARD, Inc. ay naging *Partner Agent* ng SSS noong 2013 at naging kaisa sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga kliyente ng *microfinance* gaya ng pagkuha ng *SSS number* at pag-update ng kanilang *SSS records.*

Noong 2015, ang CARD, Inc. ay binigyan ng SSS ng pahintulot na maging *Collecting Service Agent* bilang pagtugon sa pangangailangan ng mga kliyente kaugnay sa kanilang *social protection.*

Ang pagtutulungan ng dalawang institusyon ay nagbunga, kung saan nabuo ang isang *loan program* para sa mga kliyente ng *microfinance* na gustong kumuha at magbayad ng kanilang *SSS loan.*

Itinatag noong 1986, ang CARD, Inc. ay isang organisasyong naglalayong mabigyang solusyon ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong *microfinance* at iba pang mga programang panlipunan.

Sa kasalukuyan, ang CARD, Inc. ay mayroong mahigit na dalawang milyong kliyente, 1,428 *unit offices* at 7,442 empleyado.

# CARD MBA, naghalal ng bagong Board...

◀ 1

CMDI Bay Campus, Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong ika-9 ng Setyembre.

Ang CARD MBA ay ang *microinsurance company* na pinamamahalaan ng mga kliyente sa ilalim ng *microfinance institutions* ng CARD MRI na kinabibilangan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI Rizal Bank, Inc.

Ang mga bagong miyembro ng *board* ay mga kasapi rin ng CARD MBA na matagal nang namamahala sa kanilang komunidad. Sila ang nagsisilbing *coordinators* ng samahan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kahalagahan ng pagkakaroon ng seguro o *insurance* at sa pangangalaga ng mga benepisyo ng kanilang mga kliyente sa panahon ng kalamidad.

Sa taong ito, tanging 13 mula sa 1,860 *coordinators* sa buong bansa ang nakapasa sa dalawang pagsusuri na isinagawa ng *nomination committee* na mas kilala bilang Central Selection Committee. Pitong kandidato ay mula sa Luzon, tatlo naman ang galing Visayas, at tatlo rin ang galing sa Mindanao.

Ang kabuuang proseso ng halalan ay pinamunuan at pinangunahan ng Election Committee na pinapanguluhan ni Atty. Virlynn Rose Ramirez. Bago magsimula ang botohan ay binigyan ng pagkakataon ang 13 kandidato na ipakilala ang kanilang mga sarili. Sinagot din nila ang ilang katanungan kasabay ng pagbabahagi ng kanilang mga karanasan bilang ahente at *coordinator* ng institusyon.

Inilahad din ng bawat isa ang kanilang mga plano at plataporma kung sakaling mapili bilang bahagi ng BOTs. Pagkatapos ng ilang introduksyon at personal na pagbabahagi ng karanasan ay isinunod din ang botohan *online.*

"Mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng Board of Trustees sa epektibo at matalinong pamamalakad ng samahan. At dahil sila ay kapwa mga miyembro ng institusyon ay alam nila mismo ang pangangailangan ng kanilang nasasakupan. Naniniwala tayo na sa tulong nila bilang mga lider ay magkakaroon tayo nang mas maayos na pamunuan para maging mas kapaki-pakinabang ang ating samahan," sabi ni May S. Dawat, opisyal at punong tagapamahala ng CARD MBA.

Sa loob lamang ng isang oras ay agad na inilabas ang resulta ng isinagawang botohan. Ang tinatayang bilang ng boto ay umabot sa 85.4% mula sa 3,004,801 botante at miyembro ng CARD MBA sa taong 2018. Ang anim na nakakuha ng pinakamatataas na boto ay maglilingkod sa institusyon sa loob ng dalawang taon. Sila ay kinabibilangan nina Ligaya P. Ramos mula sa Visayas na nakakuha ng 1,970,358 boto, Dorfe A. Pagunsan mula sa Mindanao na may 1,954,002 boto, Flordeliza Cristobal mula sa Luzon na nagtamo ng 1,952,452 boto, Marabella Celoso mula pa rin sa Visayas na may 1,840,401 boto, Audrey Cabebe mula sa Luzon na may 1,705,483 boto, at Roselyn Bayron mula sa Mindanao na may 1,602,938 boto. Samantala, si Girlie Lopez na nasa ikapitong pwesto ay makapaglilingkod naman ng isang taon batay sa alituntunin ng Insurance Commission Circular 2018-35 na inilabas noong Hunyo 26, 2018.



Ang mga bagong halal na Board of Trustees ng CARD MBA na siyang magrerepresenta sa halong 5.6 milyong kliyente ng CARD MRI *financial institutions.*

"Mapalad akong maging bahagi ng *Board of Trustees* ng CARD MBA. Hindi ko akalaing mangyayari ito sa buhay ko bilang miyembro ng CARD. Habambuhay kong ipagpapasalamat ang bagong oportunidad na ito. Sisiguruhin kong mapakikinggan ang boses at mabibigyan ng sapat na aksyon ang hinaing ng ating mga empleyado ng samahang ito," sabi ni Ligaya P. Ramos na halos pitong taong *coordinator* ng MBA.

**Mga highlight ng operasyon**

Maging ang mga proyektong naisakatuparan ng samahan ay binanggit din sa pangkalahatang pagpupulong. Sa katunayan, simula Disyembre 17, 2017, ang CARD MBA ay mayroon ng 54 na panlalawigang opisina at tanggapan na may kabuuang 4,225,804 na aktibong miyembro at 15,321,881 kliyente. Ang ari-arian ng CARD MBA ay umabot na sa higit na P13 bilyon.

"Ang tagumpay ng CARD MBA sa nakalipas na taon ay magsisilbing inspirasyon upang patuloy na maabot ang ating mithiin sa pagpapaunlad ng buhay ng ating mga kliyente. Patuloy nating pagbubutihin at pagsisikapan ang pag-aabot ng kalidad na serbisyo upang unti-unting supilin ang kahirapan sa buong bansa na siyang pangunahing layunin ng grupo ng CARD MRI," sabi ni Dawat.



# P9.2 milyong relief assistance ibinigay sa mga...

◀ 1

pinansyal ng CARD MRI sa tulong ng CARD MBA.

Ayon sa tagapangulo ng CARD MRI Disaster Response na si Deolito C. Valdemar, "Sa ngayon, lahat ng apektadong pamilya ay naabutan na ng tulong mula sa CARD MRI. Ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya upang mabilisang matugunan ang pangangailangan ng mga nasalanta ng kalamidad," aniya.

Ang programang CARD MRI Disaster Response Assistance Program (CDRAP) ng CARD MRI ay isa sa mga paraan nito upang matugunan ang pangunahing pangangailangan ng mga kliyente nito lalo na sa panahon ng kalamidad.

Ang mga programa nito ay nakahandang mag-abot at magbigay ng tulong sa mga kliyente ng CARD MRI na makabangon at makapagsimulang muli pagkatapos ng naranasang pananalanta ng bagyo.


"Layunin ng CARD MRI na supilin ang kahirapan sa bansa. Kaya naman, nagbibigay tayo ng tulong hindi lamang kaugnay ng pagnenegosyo kundi maging ng tulong upang maabot ang mga tao sa komunidad lalo na sa mga panahong hindi natin inaasahan. Alam nating sa panahon ng sakuna ay mas mainam na tayo ay may naaasahan at nasasandalan upang makabangon, at ito ang patuloy nating ginagawa dito sa CARD MRI," sabi ng tagapangasiwa nitong si Flordeliza L. Sarmiento.

Ang CARD MRI ay isang grupo na binubuo ng 21 institusyon kabilang ang CARD MBA, CPMI, CaMIA at ang apat na institusyong pinansyal na naglalayong supilin ang kahirapan sa Pilipinas.

Sa kasalukuyan, ang CARD MRI ay mayroong higit na 5.5 milyong kliyente.

# History book ng CARD MRI, sinuri at inilathala ng Philippine Studies

ni *Raffy Antes*



Ang makasaysayang aklat na nilimbag ng CARD MRI para sa San Pablo City, Laguna.
Ito ang kauna-unahang *history book* na ginawa ng CARD MRI.

Ang *book review* ng unang *local history* book ng CARD MRI na *History of San Pablo: Reviewed, Rewritten, and Retold* ay makikita sa Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints journal na inilathala ng Ateneo de Manila University (ADMU).

Ang libro ay nilathala noong Hulyo 2016 at sinuri ng isang kilalang *historian* na si Ruth de Llobet. Sa kasalukuyan, si de Llobet ay kabilang sa University of Wisconsin-Madison, Pompeu Fabra University, at Research Group on Empires, Metropolises, and Extra-European Societies (GRIMSE).

"Nagpapasalamat kami dahil ang simpleng kontribusyon namin sa San Pablo ay nakapukaw ng atensyon ng isa sa mga kilalang *historians* sa buong mundo. Dahil sa kaniyang malawak na pananaliksik tungkol sa kasaysayan ng Timog Silangang Asya, ang kaniyang *review* ay mahalaga sa aming lahat," ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chairman ng CARD MRI.

Nagpahayag ng kagalakan si Dr. Alip dahil mas maraming *academic scholars na* sa buong mundo ang mayroong *access* sa mayaman na pamana at kultura ng San Pablo City. "Ang paglathala nito sa isang *internationally refereed academic journal* ay isang malaking oportunidad upang maipakita natin ang pinanggalingan natin dito sa San Pablo," dagdag niya.

Tulad ng nakasaad sa *website* ng Philippine Studies, http://www.philippinestudies.net, ang Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, dating kilala sa tawag na Philippine Studies, "ay naglalathala ng *scholarly articles* at iba pang materyales tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas at ng mga mamamayan nito na parehong nasa loob at labas ng bansa."

▶ 5

## SIARGAO : A PLACE TO REMEMBER







*Thank you po sa CARD MRI Hijos Tours na nag-abala at nag-ayos ng aming paglalakbay sa Siargao. Higit sa lahat, maraming salamat sa CARD MRI na nag-sponsor ng aming lakbay-aral bilang kami ay dalawang dekada nang naglilingkod sa institusyon. Maraming, maraming salamat po!"*

- Precy, Menchie, at Luis

Ang CARD MRI Hijos Tours ay isang tour company na nag-ooffer ng heritage tours sa San Pablo City, Iloilo City, at Samar-Leyte. Ang Hijos Tours din ay tumatanggap at nag-aayos ng local at international tours. Para sa inyong travel plans, i-message n'yo kami sa aming Facebook Account, Hijos Tours.

# History book ng ...

◀ 4

Bukod dito, "ito ay nagtataguyod ng *comparative* at *transnational sensibility,* at naghahangad na makatawag ng pansin ng *scholars* na hindi dalubhasa sa Pilipinas."

Ang nasabing *journal* ay itinatag noong 1953 at inilalathala ng ADMU minsan sa tatlong buwan. Isa sa mga naunang *editors* ng Philippine Studies ay si Fr. Horacio de la Costa, SJ, na isa ring kilalang *historian*. Si Dr. Filomeno V. Aguilar ang editor ngayon ng Philippine Studies at kasalukuyan ding tagapamuno ng University Research Council ng ADMU.

**Ang libro ng San Pablo**

Ang libro ay mayroong anim na kwentong tinatalakay. Binigyang-liwanag ni Nicholas Michael Sy, assistant professor ng *history department* ng University of the Philippines Diliman, kung paano sinuportahan ng *coconut industry* ang pag-unlad ng San Pablo City.

Isinulat ni Maria Karina Garilao, isang dalubhasa sa *heritage conservation*, ang kahalagahan ng kababaihan sa isang lokal na komunidad, habang si Dr. Francis Gealogo, *associate professor* sa Ateneo de Manila University naman ay ipinakita ang *demographic challenges* na kinaharap ng mga San Pableños na siyang nakaapekto sa katangian ng populasyon ng nasabing bayan.

Bukod dito, sina Dr. Armando de Jesus, former vice rector for academic affairs ng Univerity of Santo Tomas, at Cynthia Rivera, former director ng Center for Cultural Studies ng UST, ay binigyang tuon ang tungkulin na ginampanan ng relihiyon sa paghubog ng kasaysayan ng San Pablo City.

Tinalakay nina Rhina Alvero-Boncocan at Eileen Meneses, mga assistant professors sa UP Los Baños, ang tungkol sa pautang, *usury*, at pagmamay-ari ng lupain sa San Pablo City. Sinuportahan nito ang sanaysay ni Dr. Alip na tungkol sa papel ng CARD MRI sa pagwaksi ng kahirapan sa pamamagitan ng *microfinance* at *social development*.

Ang *softbound* copy ng librong ito ay mabibili sa CARD MRI *main office* sa San Pablo City, Laguna sa halagang P500. Para sa mga order, maaaring mag-email sa cardmri.publishing@gmail.com at hanapin si Cyrene Grace DC. Lubigan. Ang *review* naman ng libro ay maaaring makita *online* sa http://muse.jhu.edu/article/697644.

**Hijos Tours ng CARD**

Bago pa man malathala ang nasabing libro, isang *heritage tour program* ang unang itinatag ng CARD MRI noong 2013. Kilala bilang "Hijos de San Pablo: Seven Lakes and Beyond Tour", ang nasabing tour ay nagpapakita ng makulay na kultura at kasaysayan ng San Pablo City, Laguna.

"Upang mas maunawaan ang sarili, kailangan mo munang maunawaan kung saan ka nanggaling," pagbibigay diin ni Dr. Alip nang tinanong siya kung bakit binuo ng CARD MRI ang ganitong uri ng programa kasama ang kanilang *microfinance services.*

"Ang trabaho natin ay ang pagwaksi sa kahirapan at hindi ito nangangahulugang dapat lang tayong magbigay ng serbisyong pampinansyal. Kailangan din nating magbukas ng maraming oportunidad para sa ating mga kliyente. Sa pamamagitan ng *tour program* na ito, binibigyan natin sila ng pagkakataon na bisitahing muli ang kanilang pinagmulan at matuklasang ang kanilang mga potensyal na kakayahan, at kalauna'y makatutulong sa kanila upang makapaghanda ng mga pagkaing nakilala sa Timog Katagalugan at pagiging isang *tour guide*," dagdag ni Dr. Alip.

Ang *tour guides* at *suppliers* ng CARD MRI para sa Hijos Tours ay ang kanilang *microfinance clients.*

Maliban sa pagtuklas sa sariling pagkakakilanlan, ayon kay Dr. Alip, nais din ng Hijos Tours na maging instrumento sa pangangalaga ng kultura ng bansa. Noong 2017, itinatag ng CARD MRI ang Hijos Tours sa paniniwala na ang programang ito ay kabilang sa mga importanteng serbisyo na matatanggap at mararanasan ng kanilang mga kliyente, kawani, partner, at ng publiko.

"Pinagmamalaki namin na ang *heritage tour* ng San Pablo ay umaani ng positibong epekto sa buhay ng mga manlalakbay mula 2013 at naging daan ito sa pagbubukas ng iba pang *tour programs* sa ibang rehiyon sa Pilipinas," ani Marilyn M. Manila, presidente ng Hijos Tours.

Sa kasalukuyan, ang Hijos Tours ay mayroon na rin sa Samar-Leyte (Tacloban to Balangiga tour) at Iloilo City. Isa pang tour ang magbubukas sa susunod na taon sa Davao at Baguio City. Para maranasan ang *heritage tours* ng CARD MRI, maaaring makipag-ugnayan kay Jeffrey Tandingan sa 0908-907-6888 o magpadala ng email sa *cardmri.hijostours@gmail.com.*



# DSWD-Caraga, nagbigay ng malinis na suplay ng tubig

ni *Mike Ariel P. Plaza / DSWD Caraga*

Upang malutas ang matagal ng suliranin sa pagkakaroon ng malinis na suplay ng tubig sa Lungsod Daan, Barangay Poblacion, Tubay, Agusan Del Norte ay pinasinayaan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Caraga, sa pamamagitan ng Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan – Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (Kalahi-CIDSS) ang 816 L.M Solar Pump Driven Level II Water System noong ika-31 ng Agosto 2018.

Ang inagurasyon ay dinaluhan nina Juvy P. Echavaria, Sub-Regional Program Coordinator (SRPC) bilang kinatawan ng Regional Program Management Office (RPMO), Bise-Alkalde Raquim Cuyos bilang kinatawan naman ng Alkalde Fidel Garcia Jr., at mga opisyal ng Barangay Poblacion.

Ipinahayag ni Echavaria ang kaniyang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong at nakiisa sa pagtatapos ng nasabing proyekto kahit pa naging matagal ang pagsasakatuparan nito.

Idinagdag din niya na kailangang alagaan ng mga mamamayan ng Poblacion ang suplay ng tubig kabilang na ang mga *water pump* lalo na't kadalasang hindi nagtatagal ang mga ganitong uri ng proyekto sa ibang lugar. Maayos at positibo naman ang naging tugon ng mga mamamayan. Ipinangako nila na aalagaan nila ang proyekto sa abot ng kanilang makakaya.

Ipinarating naman ni Bise-Alkalde Cuyos ang kaniyang pagpapahalaga sa dedikasyon ng mga naging bahagi ng proyekto. May mga nauna ng proyekto ang Kalahi-CIDSS sa lungsod daan. Ilan sa mga ito ay ang naipatayong opisina para sa mga *senior citizen*, *day care center*, at ang kasalukuyang ipinapatayong *health center.*

Sa pakikipagtulungan ng mga lokal na opisyal o Municipal and Barangay Local Government Unit (M/LGU), Area Coordinating Team (ACT), at mga mamamayan ng komunidad ay naitayo ang bagong *water system*.

"Noon ay hindi namin alam kung saan makakukuha ng malinis na suplay ng tubig, pero ngayon ay mayroon na kaming mapagkukunan sa harap ng aming mga tirahan. Madali na kaming makapag-iigib at makapaghuhugas ng mga damit at kagamitan," pagbabahagi ni Miragel Misoles, isa sa mga *volunteer* ng komunidad mula sa Lungsod Daan.

Patuloy na umaasa ang Kalahi-CIDSS sa paghahatid ng tulong sa mga lalawigan at mamamayan ng Caraga upang makaranas ang mga ito ng pagbabago sa pamamagitan ng mga programang pangkaunlaran at panlipunan at mabigyang-katuparan ang kanilang pag-ahon mula sa kahirapan.



Naitayo na ang 816 L.M Solar Pump Driven Level II Water System na pangunahing naghahatid ng inuming tubig sa Lungsod ng Daan.

# DOLE DCFO nagsagawa ng TUPAD / EEP Payout

ni *Kriztja Marae G. Labrador/LCO-DOLE XI*



Kaugnay ng pagtulong sa mga apektadong empleyado ng nangyaring sunog sa NCCC Mall noong Disyembre 2017, nagsagawa ang Department of Labor and Employment XI ng oryentasyon para sa 30-day Emergency Employment Program (EEP).

Sa huling bilang noong Enero 13, 2018, mahigit 1,000 empleyado na ang dumaan sa oryentasyon. Ang mga empleyado na sakop ng patuloy na proseso ay mga kawani ng NCCC Mall Department Store at Supermarket, mga kawani ng BMIRK Multi-Purpose Cooperative Agency, mga nangungupahan, at mga *merchandiser* at *promodiser.*

Ang mga benepisyaryo ay pipirma sa kontrata ng EEP matapos matupad ang mga kinakailangan. Itatalaga ang mga ito sa kanilang piniling barangay sa Davao. Higit sa 600 na ang nakapirma sa kontrata.

Sa unang bahagi ng buwan na ito, pinirmahan ni DOLE Secretary Silvestre H. Bello III ang Labor Advisory No. 1, Serye ng 2018 na nagtatalaga sa DOLE XI na agarang magbigay ng *emergency employment assistance* sa mga apektadong empleyado ng sunog sa NCCC Mall at sa mga pamilya ng 38 taong nasawi sa nasabing insidente.

Nasasaad din sa *nasabing advisory* na kung ang mga apektadong manggagawa ay "ayaw o hindi maaaring makilahok sa mga proyektong pangkomunidad ng TUPAD, ang kanilang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya o mga kamag-anak" ang maaaring makinabang sa programa.

Layon ng DOLE XI na mailapit ang EEP sa kabuuang bilang ng 2,024 na apektadong empleyado.

SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Ad Rates

| SIZE | INSIDE PAGE EVEN PAGES (B&W) | INSIDE ODD PAGES (B&W) | BACK PAGE (B&W) | FULL COLOR INSIDE EVEN PAGES | FULL COLOR INSIDE ODD PAGES | FULL COLOR BACK PAGE |
|---|---|---|---|---|---|---|
| FULL PAGE | 11,200 | 12,320 | 13,440 | 22,400 | 24,640 | 26,880 |
| CENTER SPREAD | 28,000 | | | | | |
| 1/2 | 5,600 | 6,160 | 6,720 | 11,200 | 12,320 | 13,440 |
| 1/4 | 2,800 | 3,080 | 3,360 | 5,600 | 6,160 | 6,720 |
| 1/8 | 1,400 | 1,540 | 1,680 | 2,800 | 3,080 | 3,360 |

**Note:** Should your advertisements include visible photos of member or their family members, please send us a copy of their photoconsent.

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:
You may contact us cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108



Place your Ads Now !

## Adopt-a-Branch ng CARD, Aboitiz Foundation tumutulong sa 3,400 entrepreneurs

ni *Raffy Antes*

Mahigit 3,000 *entrepreneurs* mula Benguet, Davao City, at Albay ang nakakuha ng *microfinance assistance* mula sa programang Adopt-a-Branch ng CARD, Inc. at Aboitiz Foundation.

Ang Adopt-a-Branch *program* ay naglalayong magbigay ng madali at abot-kayang *access* at mahusay na karanasan sa mga *microfinance clients* na galing sa *rural areas.*

Noong Pebrero 2016, nagbigay ng P10 milyong pondo ang Aboitiz Foundation para sa operasyon ng dalawang tanggapan ng CARD, Inc. sa Calinan, Davao City at Tiwi, Albay. Matapos ang dalawang taong matagumpay na implementasyon nito, ang programa ay dinala sa La Trinidad, Benguet.

"Ang CARD, Inc. ay aktibo sa mga lugar na ito at kami ay mapalad na makatrabaho ang Aboitiz Foundation. Ang pakikipagtulungang ito'y nangangahulugang mas maraming *resources* ang magagamit ng ating mga kliyente, kung saan ito'y makatutulong na matustusan ang kanilang mga negosyo," ayon kay Jocelyn Dequito, executive director ng CARD, Inc.

Ang operasyon ng programa ay inihalintulad sa *standard microfinance procedures* ng CARD, Inc. kung saan ang *loanable amount* ay mula P1,000 hanggang P150,000 na may abot-kayang interes at *flexible loan terms* na aabot ng isang taon. Mula noong Setyembre 2018, ang programa ay mayroon ng P57.35 milyong *loan disbursement* at 100% *repayment rate.*

"Ang pakikipagsosyo ng CARD, Inc. ay nakahanay sa pangako ng Aboitiz Group na magsulong ng negosyo at mga komunidad sa pamamagitan ng pagbuo ng isang maayos at maunlad na komunidad. Binibigyan kami nito ng pagkakataon na magbigay-tulong at oportunidad sa mas maraming tao upang madagdagan ang kanilang kita at magkaroon nang mas magandang buhay," sabi ni Aboitiz Foundation First Vice President and Chief Operating Officer Maribeth Marasigan.

Maliban sa tulong pinansyal, ang Aboitiz Foundation ay nagbibigay rin ng *enterprise development training programs* sa mga benepisyaryo nito. Paggawa ng sabon at paso ang ilan sa mga pagsasanay na isinasagawa ng Aboitiz Foundation at CARD, Inc. para sa kanilang mga kliyente sa Calinan at Tiwi.

"Mahalaga ang *capacity building* sa *development work.* Ginagawa namin ito sa CARD para gawing mas buo ang aming serbisyo", ani Dequito.

"Sa loob ng dalawang taon, ang ugnayan ng dalawang institusyon ay umani ng positibong resulta. Patuloy kaming magtataguyod ng pagbabago para sa mas maayos na mundo at ang programang ito ang isa sa mga gawain na pinahahalagahan namin," ani Marasigan. Inaasahan ng Aboitiz Foundation na abutin ang 1,500 pang mga *entrepreneurs* habang kukupkupin nito ang CARD, Inc. *branch* sa Capaz, Tarlac bago matapos ang taon.

Nagpahayag ng taos-pusong pasasalamat si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chairman emeritus ng CARD MRI, sa pagsuporta ng Aboitiz

▶16




## DSWD-Caraga, tumulong sa pagpapatayo ng mga bahay na nasalanta ni Basyang

ni *Mike Ariel P. Plaza / DSWD Caraga*


Nagsagawa ang Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Caraga, kasama ang Regional Disaster Response Committee (RDRC) ng inspeksyon para sa Emergency Shelter Assistance (ESA) noong Oktubre 19 sa Surigao del Norte upang alamin ang lagay ng mga residenteng nasalanta ng hanging habagat na pinalakas ng Bagyong Basyang sa mga bayan ng Mainit at Alegria.

Ang nasabing pagsusuri ay ginagawa upang tingnan ang kasalukuyang kalagayan ng mga tirahan ng kanilang mga miyembro at ilang residente na ang ilan ay bahagya at pangkalahatang nasira noong nagdaang ika-13 ng Pebrero.

Dahil sa ESA, ang DSWD, kasama ng Disaster and Risk Management Division (DRMD) ay nakapagbigay ng P30,000 sa mga residenteng sadyang nasiraan ng tirahan at P10,000 naman para sa mga bahagyang nasalanta ng habagat. Ayon sa ulat, nakapaglabas na ang ahensya ng halagang P26,590,000 bilang tulong sa humigit-kumulang na 2,000 benepisyaryo sa buong rehiyon, partikular na sa mga probinsya ng Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan del Norte.


Habang isinasagawa ang pagsusuri sa mga tahanan ay ipinarating naman ng mga benepisyaryo ang kanilang pasasalamat sa tulong na iniabot ng ahensya sa pamamagitan ng ESA at Cash for Work (CFW), isang programa kung saan ang mga nasalanta ng kalamidad ay binabayaran bilang kapalit ng kanilang pagtatrabaho sa ilang *rehabilitation center* at tanggapan.

Ayon naman kay Marianita Tulang ng Brgy. Quezon, ay malaking tulong para sa kanila ang perang natanggap upang makapagsimulang muli kasama ng kanilang mga pamilya. "Unti-unti na naming naitatayong muli ang aming mga tirahan. At bagama't hindi pa kumpleto ang mga ito, ang mahalaga ay mayroon na kaming masisilungan at matutulugan," pahayag ni Tulang.



## EDITORYAL

# Pakikipagtulungan sa Komunidad ay Susi sa Tagumpay




Hindi lubos akalain ni Edlyn Soronez ng Tagum City na lalago ang kaniyang itinayong *flower shop business* sa loob ng maikling panahon. Kung dati, siya'y namomroblema sa kakaunting paninda, ngayon ay nakapagsusupply na ang kaniyang *flower shop* ng sapat ng *stock* sa kaniyang dumaraming kliyente sa buong Tagum City.

Si Edlyn ay isa lamang sa mga benepisyaryo ng Center for Agriculture and Rural Development (CARD) sa pagbibigay ng tulong pampinansyal sa mga *micro, small, and medium enterprises* (MSMEs) sa bansa bilang pagtugon sa Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3) *program* ng Department of Trade and Industry (DTI).

Ang programang ito ay sinimulan noong Hulyo 2017 at sa kasalukuyan ay mayroon ng mahigit 39,000 na MSMEs sa 20 probinsya sa bansa na nasa ilalim ng P3 program ang natutulungan nito.

Kabilang dito ang mga maliliit na *market vendors* at *agri-businessmen* mula sa Sorsogon, Zamboanga Sibugay, Negros Oriental, Leyte, Catanduanes, North Cotabato, Western, Eastern, at Northern Samar, Mountain Province, Lanao del Norte at Lanao del Sur, Agusan del Sur, Siquijor, Zamboanga del Norte, Sultan Kudarat, Bukidnon, Maguindanao, Sarangani, at Sulu.

Ang pag-abot sa mga maliliit na komunidad sa bansa ay isa sa mga napakahalagang hakbang na ginagawa ng CARD upang mas maisakatuparan ang layunin nitong wakasan ang kahirapan sa bansa.

Sa kasalukuyan, ang CARD ay nagbibigay ng iba't ibang serbisyo tulad ng *financial services*, *microfinance education, health and livelihood programs*, at iba pang mga *capacity-building services* sa mahigit na 4.6 milyon na kliyente nito sa buong bansa.

Ang pakikipagtulungan ng CARD sa gobyerno, sa pamamagitan ng DTI, ay isang malaking oportunidad upang mas maabot pa ng mga serbisyo nito ang mga komunidad lalo na sa mga malalayong lugar.

Ito rin ang susi sa pagpapalalim pa ng mga serbisyong binibigay ng organisasyon at ng mga magiging epekto nito sa bawat pamilya. Naniniwala ang CARD na ang pagtutulungan ng iba't ibang sektor at organisasyon ang isa sa mga susi sa pagsasakatuparan ng kanilang layunin.

Pagkatapos ng isang taong pagbibigay ng tulong pampinansyal sa mga MSMEs, masasabi natin na ito ay naging matagumpay sapagkat ito ay lubusang tinanggap, ginamit sa tamang paraan, at patuloy pang pinalalago ng ating mga kliyente upang mas mapaunlad ang kani-kanilang mga buhay.

Si Edlyn ay isa lamang sa mga patunay na malaki ang tulong na naibigay ng programa dahil bukod sa napalago nito ang kaniyang *flower shop business,* natulungan din nitong iangat ang buhay hindi lang ng kaniyang pamilya, kundi pati ng mga taong katuwang niya sa kaniyang pangkabuhayan.

Gayunpaman, inaasahan ng CARD na mas marami pang pamilya ang matutulungan ng programang ito sa mga susunod na taon. Magpapatuloy ang CARD sa paglilingkod sa mga pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng paglubog at pakikipagtulungan sa mga komunidad, organisasyon, at institusyon upang maiangat ang antas ng buhay ng bawat Pilipino sa bansa.

SULONG!
Editorial Board

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
*Publisher*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Flordeliza Sarmiento    Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Managing Editor*

**Jeffrey Tandingan**
*Associate Editor*

**Albert Dayag | Arnold Gutierrez**
*Layout Artists*

**Raffy Antes | Je'iro Aclan**
**Neliza Largueza**
*Writers*

**Clark Qury Cuello**
*Cartoonist*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

**CONTRIBUTORS**
DOLE XI
DSWD Caraga
Darel Jay Gato
Honie Clarin
Louielyn Torremocha
Jane Claire Jamili
Annamarie S. Zata
Alvin Alon

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Sub.,
San Pablo City, Laguna

**CARD MRI**
Official Facebook page

**@CARDMRI**
Official IG account

**CARD MRI**
Official YouTube channel

**www.cardmri.com**
Official Website



## PAYO NI BOSS

**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**
Founder and Chairman Emeritus, CARD MRI

*Ikaw, mayroon ka bang nais itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa publishing@cardmri.com upang siya mismo ang magbigay sa'yo ng makabuluhang payo.*

# Paano mapapataas ang kumpyansa sa sarili?

- Marwin Mira, CMDI Facility Manager

Maraming salamat sa iyong katanungan. Ako ay personal na naniniwala na napakahalaga ng papel na ginagampanan ng *self-esteem* sa pagtupad ng iyong pangarap. Ito ay tumutukoy sa tiwala at paniniwala ng isang tao sa kakayahan at halaga ng kaniyang sarili.

Ang *self-esteem* ay may kakayahan ding impluwensyahan ang paggawa ng desisyon ng mga tao, sapagkat nagsisilbi itong inspirasyon upang subukan ang kanilang kakayahan na magbubunga ng pagtaas ng kumpiyansa sa sarili sa tagumpay na kanilang inaasam. Dapat lamang na palakasin ng bawat isa ang kanilang paniniwala sa kanilang sarili at mapataas pa ang kanilang kumpyansa.

Bakit hindi mo subukang ituon ang iyong isip sa mga positibo at magagandang bagay? Palagi mong tandaan na marami ang nagmamahal sa iyo, kabilang na ang iyong pamilya at iba pa. Pangalawa, ilista mo rin ang mga bagay na iyong inaasahang magawa o makuha.

Sunod, alagaan mo ang kalusugan ng iyong katawan at pag-iisip. Ika-apat, balikan mo ang mga magagandang bagay na nangyari sa iyong buhay noong nakaraan. Makatutulong na maalala mo ang iyong mga nagawang mahusay at mabuti.

Maganda ring gawin ang mga bagay na nagpapasaya saiyo tulad ng pagluluto, pagbabasa ng libro, o di kaya ay mga bagong bagay na nais mong subukan.

Huwag matakot subukang yakapin ang mga pagbabago sa sarili mo, sa ibang tao, at maging sa komunidad na iyong kinabibilangan. Tanggapin mo ang mga nangyari sa nakaraan at maging handa ka sa mga posibilidad na ibibigay saiyo ng hinaharap.

Nais kong ibahagi saiyo ang naging simula ng CARD MRI. Hindi naging madali ang tinahak na landas ng CARD MRI patungo sa kung saan ito naroroon ngayon. Maraming nagduda, marami ring nagtaas ng kilay at nagkibit-balikat sa aming munting pangarap. Subalit, hindi kami tumigil. Sa pamamagitan ng dalawampung piso at lumang makinilya o *typewriter*, nagsimula ang paglalakbay sa pagtupad ng aming misyon - ang makapagtayo ng isang bangkong pagmamay-ari at pinangangasiwaan ng mga mahihirap nating kababayan at wakasan ang kahirapan sa buong bansa.

Ito ang huling payong aking maibibigay. Magsikap ka at magtiwala sa iyong sarili. Kung naniniwala ka sa iyong pangarap, ibibigay mo hindi lang ang mga materyal na bagay na mayroon ka, kundi pati ang iyong puso, dedikasyon, at iyong buong sarili. Pasasaan at makakamit mo rin ang tagumpay. Ngunit sa ngayon, palagi mong ipaalala sa iyong sarili, "Kaya ko!"

Marami ka nang pinagdaanang pagsubok. Ilang bundok na ang iyong inakyat at karagatang tinawid upang marating ang iyong mithiin. Heto ka ngayon, hinubog ka ng mga pagsubok na dumating. Isa kang larawan ng katatagan.

May mga mali kang desisyong nagawa. Mas nakatutuwa kung pinilit mo itong itama dahil ito ang nararapat. May mga sistema kang dapat ituwid para sa benepisyo ng mga taong nakapaligid sa iyo. Salamin ka ng pagtanggap ng pagkakamali at pagtutuwid.

Sa bawat pilak at ginto na iyong natatamo, tumataas ang paniniwala mo sa sarili mo. Unti-unti kang nakikilala at hinahangaan ng karamihan. Sa pag-abot ng iyong mga pangarap, ang kapakumbabaan ang siyang natatanging maipagmalaki at hindi nito mahihigitan ang anumang pilak at ginto na natanggap mo. Sa pag-ikot natin sa mundo, iba't ibang tao ang iyong makasasalamuha. Humanda ka! May manghuhusga sa iyo kahit hindi ka pa nila lubusang kilala. Ipakita mo ang iyong kabutihang loob. Maging repleksyon ka ng isang mabuting tao.

Ito ang mukha ng CARD MRI, isang organisasyong sa simula pa lamang ay sinubok na ang misyon nitong tumulong sa mga maralita; ang organisasyong binigyang kibit-balikat ng ilang indibidwal at organisasyon.

Ang pinagdaanan ng CARD ang naging dahilan nito upang ipagpatuloy ang misyon nito. Nakilala ang adhikain ng organisasyon para sa mamamayang Pilipino sa loob at labas ng bansa ngunit nanatili tayo sa tunay nating pagkakakilanlan—isang organisasyong nasa gitna ng laban, kasangga ang maraming maralitang humaharap sa unos ng kahirapan.

Matuto tayong sumabay sa kahit anumang pagsubok. Ito ang pagkakataon natin upang lumago. Ito ang ginagamit ng CARD MRI upang patuloy na matuto mula sa mga pagkakamali nito. Sinubok na ng panahon, sa ngayon ay pinagkakatiwalaan ng milyon-milyong Pilipino. Ang dating nangangarap makatulong sa paglago ng pamilyang Pilipino ay nabigyang katuparan na sa maraming komunidad sa bansa.

Ang kwento ng CARD MRI ay pinagdaanan din ng maraming Pilipino, at sana ay maging destinasyon din ng maraming katulad mo. Sa lahat ng pagsubok, magpakatibay ka. Huwag kang susuko. Walang aayaw. Hindi kailanman kasama sa pagpipilian ang pagsuko.



## MULA SA PUSO NI ATE MD

**Ms. Flordeliza L. Sarmiento**
Managing Director, CARD MRI

Nais mo bang i-bida ang iyong

# REHIYON?

Magpadala sa amin ng balita sa kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa publishing@cardmri.com.



# BALITANG PANGREHIYON



**Ilagan City, Isabela**

Ang CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CMRBI), isang bangko na nakatuon sa *microfinance*, ay nagbukas ng ika-23 sangay nito sa Baligatan, Ilagan City, Isabela noong Setyembre 24, 2018 upang higit pang mabigyan ng serbisyong pampinansyal at programang pangkaunlaran ang kanilang komunidad.



**San Pablo City, Laguna**

Upang makapagbigay nang mas epektibo at mabilis na transaksyong pambangko para sa mga kliyente ng CARD Bank, binuksan nito ang ika-89 na sangay nito sa Barleta St., San Pablo City, Laguna noong Setyembre 3, 2018. Ito ang ikatlong sangay nito sa San Pablo City at ang pagbubukas nito ay kasabay ng ika-21 anibersaryo ng bangko.



**Tagkawayan, Quezon**

Nagsagawa ang CARD MRI ng Lakbay-Aral para sa mga mamamahayag sa Tagkawayan, Quezon noong Setyembre 20-22, 2018 upang ipakita sa kanila ang aktwal na pagpapatupad ng programang *microfinance* at serbisyong pangkaunlaran ng CARD MRI.



**Calbayog at Catbalogan, Samar**

Bumisita si CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento sa mga sangay ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, at CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) sa Calbayog at Catbalogan, Samar noong Agosto 13-15, 2018 upang talakayin ang *digitalization journey* ng CARD MRI. Bukod dito, kinuha na rin niya ang pagkakataong paalalahanan ang mga kawani ng CARD na laging alalahanin at isabuhay ang pitong core values ng CARD MRI - (1) kakayahan, (2)diwa ng pamilya, (3)integridad, (4)kasimplehan, (5)kapakumbabaan, (6)kahusayan, at (7)pangangasiwa.



**Panabo City, Davao del Norte**

Sa pagtupad sa misyon nitong matulungan ang mga pamilya na maging handa at matatag sa usaping pinansyal, nagbukas ang CARD SME Bank ng sangay sa Panabo City, Davao del Norte. Ito ang ikaapat na sangay ng nasabing bangko sa Mindanao matapos buksan ang mga sangay nito sa General Santos City, Zamboanga City, at Cagayan de Oro.


AVAILABLE POSITIONS:

- (317) Account Officer
- (1) Bookkeeper
- (2) Field nurse
- (8) Internal Auditor
- (2) Regional IT Assistant
- (5) Savings Officer
- (7) Teller

Please send your application to the HR Unit at CARD MRI, 20 ML Quezon Street, City Subdivision, San Pablo City, Laguna or email us at cardhrd2018@gmail.com.

For inquiries, contact us at 0918-303-1067.



Experience the **JOY** to work with people.
Live the **PASSION** to help people improve their lives.
Have the **HEART** to serve others.

JOIN US

and be part of more than 16,000 - strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility, simplicity, and stewardship. We sustain the lives of more than 5 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

## BALITANG PANGKALUSUGAN

# CARD MRI, itinataguyod ang generic medicine

ni *Neliza Largueza*

Nagtulungan ang BotiCARD Pharmacy at Microfinance and Health Protection (MaHP) *program unit* ng CARD MRI sa pagbabahagi ng mga benepisyong hatid ng *generic medicine* sa programang Kabalikat sa Pagbabago ng Radyo Pilipinas noong Setyembre 27, 2018. Ayon kay MaHP Deputy Director Dr. Roderick Belen (kaliwang parte ng larawan), ang *generic* na gamot na mas abot-kaya ay ligtas at epektibo katulad ng *branded* na gamot. Ibinahagi naman ni BotiCARD President Rosenda Aquino (kanang parte ng larawan) na higit na importante ang tamang paggamit ng mga gamot kaysa sa tatak nito upang mas makatipid at makatiyak sa epekto ng gamot. Ang MaHP unit at BotiCARD ay parehong itinatag ng CARD MRI upang magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan at tumugon sa iba't ibang pangangailangang medikal ng mga miyembro nito sa buong bansa.



Rx

May nais ka bang itanong tungkol sa Kalusugan, Sakit o Karamdaman?

Mag-email, text o tumawag:
Mobile No: 09286425940
Email Adress: publishing@cardmri.com

**At sa susunod na edisyon ng Sulong ito ay bibigyan ng kasagutan ni Dr. Roderick Belen.**



## Kalusugang Pangkaisipan ay Kayamanan

ni *Jaine Claire Jamili*

Ang ating kaisipan ang itinuturing na pinakamabilis at pinakamatalinong natural na kompyuter na nilikha sa lahat. Ang kakayahan nitong makapag-isip ay hindi natin kailanman mauunawaan dahil ang kapangyarihang kaya nitong gawin ay tunay na nakamamangha. Nakokontrol at naaapektuhan nito ang ating pisikal na pagkilos, emosyon at damdamin, paniniwala, at marami pang iba. Sa pamamagitan ng ating isip ay maayos nating nagagampanan ang ating mga tungkulin.

Kung ikaw ay masaya, natuturuan tayo ng ating isip na maging positibo. Gayon din, kung tayo ay malungkot, madali itong nahahalata sa ating pagkilos lalo na kung ito ay may negatibong epekto sa ating ginagawa.

Dahil dito, ang ating isip ay nangangailangan ng maayos na pangangalaga.

Ang abala at mabilis na pagkilos natin sa araw-araw ang siyang nagiging dahilan kung bakit napupuno ng maraming alalahanin ang ating mga isip. Dahil dito, nakita ng mga eksperto ng iba't ibang bansa ang matinding pangangailangan upang alagaan at pagtuunan ng pansin ang pangangalaga sa ating kalusugang pangkaisipan.

Ang kalusugang pangkaisipan ay kalakip ng kalusugang pisikal, pansosyal, emosyonal, at indibidwalidad ng isang tao. Malaki ang ambag nito sa estado ng ating pag-iisip at pakiramdam. Sa lagay ng kaisipan natin matutukoy kung paano kontrolin ng isang tao ang kaniyang emosyon o damdamin, kung paano niya tanggapin ang mga pagsubok sa buhay at kung paano niya tignan ang isang sitwasyon. Naaapektuhan ng kalusugang pangkaisipan ang buong pagkatao ng isang indibidwal.

Kamakailan, napirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang Philippine Mental Health Law. Ito ay isinabatas ni Senador Risa Hontiveros upang tulungan ang bawat mamamayan na magkaroon ng benepisyo mula sa mga serbisyo pangkalusugan mula sa gobyerno.

Ang nasabing batas ay nagbibigay ng karapatan sa bawat Pilipino na magkaroon ng pagkakataon ng libreng pagpapakunsulta sa mga doktor upang matulungan ang mga nangangailangan ng gabay sa kalusugang pangkaisipan. Ang panukalang ito ay nagbibigay rin ng oportunidad upang mapag-ibayo at mapaunlad ang pagbibigay serbisyo ng mga pampublikong klinika, ospital, at iba pang institusyon sa bansa.

Bukod dito, hinihikayat din ng batas na ito na

▶13

## Libreng serbisyong pangkalusugan para sa komunidad

ni *Neliza Largueza*

Sabay-sabay na isinagawa ng mga *micronfinance institution* (MFIs) ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) kabilang ang CARD Bank, Inc., Rizal Bank, Inc., at CARD SME Bank, Inc., sa pakikipagtulungan ng Microfinance and Health Protection (MaHP) Program Unit ang Community Health Day (CHD) sa Tibig, Tarlac; Binangonan, Rizal; at Agoncillo Batangas noong Oktubre 3, 2018.

Higit sa 1,100 *microfinance clients,* kanilang mga benepisyaryo, at lokal na komunidad ang natulungan ng nasabing aktibidad na naghatid ng serbisyong *dental, medical* at *optical.* Ang CHD ay isa sa mga programa ng CARD MRI na naglalayong magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga kliyente at pamilya nito na nasa laylayan ng lipunan.

Mula Enero 2018, kabuuang 104 na CHD na ang naisagawa sa buong bansa na nakatulong sa mahigit sa 170, 000 indibidwal. Ang CARD MRI ay isang grupo ng 21 institusyon na nakatuon sa pag-unlad na naglalayong wakasan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng *microfinance* at mga programa sa pagpapaunlad ng komunidad tulad ng kalusugan, edukasyon, atbp.



## CAMPUS NEWS

# Talento mula sa CMDI, kinilala sa buong mundo

ni *Darrel Jay Gato*

Nagkamit ng mga gantimpala sa nakaraang World Championships of Performing Arts (WCOPA) ang isang mag-aaral sa *senior high school* ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) sa Tagum City. Ito ay ginanap sa Long Beach, California, USA noong Hulyo 5-6, 2018.

Si Frence James S. Juit, isang mag-aaral ng *Information and Communication Technology* at iskolar ng AQC Performing Arts Studio sa Tagum City ay isa na sa 88 nagtanghal mula sa Pilipinas.

Ang grupong kaniyang kinabibilangan ay kalahok sa *folk dance* at *open category* kung saan nakamit nila ang gintong medalya. Pilak na medalya naman ang kanilang nakuha sa hip-hop.

Bukod dito, binigyan sila ng dalawang *plaque* para sa kanilang pakikilahok sa prestihiyosong kompetisyon.

Ang WCOPA ay ginaganap taon-taon kung saan ang mga mang-aawit, musikero, mananayaw, aktor, at lahat ng iba pang mga mahuhusay na indibidwal sa buong mundo ay nagsasama-sama sa Hollywood upang ipakita ang kanilang mga talento.

Ayon kay Juit, ang tagumpay na ito ay isang pambihira at napakasayang pagkakataon sa kaniyang buhay na hindi niya malilimutan.

"Ang makitang kinikilala ang kaniyang talento sa buong mundo ay tunay na nagpapaligaya sa amin. Ipinagmamalaki namin na siya ay mula sa CMDI," saad ni Christian Albert A. Sandoval, Assistant Vice President for Mindanao Operations ng CMDI.

Tunay na ipinagmamalaki ng CMDI ang tagumpay na ito, at handa nitong suportahan ang pagsusumikap ng mga mag-aaral.



*Masayang ipinakita ni Frence James Juit ang kaniyang mga medalyang natanggap mula sa isang prestihiyosong patimpalak na ginanap sa California, USA. Si Frence ay anak ng miyembro ng CARD na si Roselyn Juit at isang mag-aaral ng CMDI Tagum Senior High School.*



*Isang misa ang isinagawa ni Rev. FR Niño Rosal sa pagbubukas ng bagong gusali ng CMDI sa Tagum.*

# Bagong gusali ng CMDI Tagum, binuksan na

ni *Annamarie S. Zata*

Lubos ang galak at pasasalamat ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Tagum City Campus sa pagbubukas ng kanilang bagong gusaling pang-administratibo noong ika-8 ng Oktubre 2018, kaalinsabay sa kanilang isinagawang *morning assembly.*

Naroon si CARD MRI Founder and Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip kasama ang ilang representante ng Commission on Higher Education (CHED) Regional Office XI at Department of Education (DepEd) Tagum City Division upang tunghayan ang opisyal na pagbubukas ng bagong gusali.

Gagamitin ang bagong gusali para sa mas maayos na pagpapatupad ng mga programa at serbisyo ng CMDI.

Kaugnay rin ito sa hangarin ni Dr. Alip na ang CMDI ay makasabay sa pamantayang pang-edukasyon ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) at maging kilala sa buong mundo bilang institusyon na hindi lamang humuhubog ng mga estudyante hanggang sa makapagtapos kundi makapagbigay din sa kanila ng mga trabaho.

# CMDI Tagum lumahok sa UGMAD Festival

ni *Honie Clarin at Louielyn Torremocha*

Nakilahok ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Tagum City Campus sa taunang pagsasagawa ng "Uma Gamiton, Mag-uuma Atong Dayegon" o mas tinatawag na UGMAD Festival ng Lungsod ng Tagum.

Labing-apat mula sa iba't ibang pribado at pampublikong paaralan ang nakilahok sa Quiz Bee. Ang dalawang kinatawan ng CMDI na sina Marloun Billo mula sa ika-11 baitang at Leslie Rellano mula naman sa ika-12 baitang ay nakakuha ng ikalawang parangal sa nasabing patimpalak. Sa ika-6 na taon nito, ang UGMAD Festival ay patuloy na ipinagdiriwang bilang pagkilala sa mga pagsisikap ng mga magsasaka at sa kanilang mga kontribusyon sa lipunan. Nagkaroon din ng *cultural show* at iba pang mga aktibidad. Ang pagdiriwang ay pinasimulan noong huling linggo ng buwan ng Agosto at nagtapos sa pagsapit ng ikatlong linggo ng buwan ng Setyembre ng kasalukuyang taon.




*Ang mga kinatawan ng CMDI, sa ginanap na Quiz Bee na sina Leslie Rellamos (kaliwa) at Marloun Billo (kanan) kasama ang kanilang coach na si Jelyn Mae Cabreros (gitna), na isa ring English Club Coordinator.*



# Filipino: Ang Wika ng Saliksik

ni ***Alvin Alon***

Hindi maitatanggi ng bawat Pilipino na tila malayo na talaga ang narating ng ating wika sa kabila ng napakaraming dayuhan na sumakop sa atin. Ang mga pananakop na ito ang nagbigay ng malawak na pagkakaunawa at pagkakakilanlan nating mga Pilipino. Higit ang pagpapanatili ng ating malalim na pagkatao at sariling kalinangan gamit ang ating higit na ipinagmamalaki ang wika na simbolo ng ating nasyonalismo, mayamang kultura, at instrumento ng walang katapusang pananaliksik para sa pambansang kaunlaran, – ang wikang Filipino.

Marami na ang mga paglilimbag at mga pag-aaral na ginagawa sa ating panahon. Ang mga pag-aaral na sa palagay natin ay ang katuwang na ng ating patuloy na pamumuhay at patuloy na pakikipagsabayan sa malawak na mundong ating ginagalawan.

Ang mga pakikipagsabayan na ito ang sumusukat kung gaano katanyag ang lahing Pilipino sa Malayong Silangan. Habang tayo ay nakikiangkop sa multi-linggwal na mundo, ginamit natin ang ating wika upang lubusan nating maunawaan kung ano-ano pa ba ang mga bagay na kailangan nating linangin para sa pangkalahatang adhikain ng globalisasyon.

Dahil dito, nagkaroon ng iba't ibang paraan ng pananaliksik na sumusukat sa lebel at agwat ng ating malawak at mabilis na pag-unawa. Ang ating matalinong reaksyon ay nakasalalay sa paraan ng kaniyang interpretasyon sa bawat obserbasyon na ating nakikita, nararamdaman, naririnig, naaamoy at nalalasahan. Pero higit sa lahat ay ang ating kalayaan at makabuluhang resulta ng ating pananaliksik.

Upang masukat ang integridad ng malinaw at makabuluhang pananaliksik, nakasalalay ito sa iba't ibang pamamaraan.

Una na rito ang paggamit ng isang wika na madaling maunawaan at nakatatak sa isipan ng lahat. Napakaswerte nating mga Pilipino dahil tayo ay biniyayaan ng wikang Filipino na ginagamit ng bawat isa. Sa pakikipagtalastasan at pananaliksik. Madali itong maintindihan madaling gamitin upang iparating ang ating nararamdaman at kuro-kuro. Nagbibigay ito ng oportunidad para sa malayang pakikipagpalitan ng mga komento, suhestyon at tanong.

Hindi ba kapag mabilis nating nauunawaan ang isang bagay ay mabilis din tayong magbigay ng tamang reaksyon dito?

Ito ang nilalayon ng ating wikang Filipino, ang maging ganap at maging napakahalagang bahagi ng ating patuloy na pananaliksik para sa kapakanan ng ating mga kapwa Filipino.

Bakit ba kailangan ang pananaliksik at bakit din ba mahalaga kung anong wika ang dapat mong gamitin?

Bahagi ng buhay ng bawat tao sa mundo ang magkaroon ng makabuluhang pananatili habang siya ay nasa mundong ibabaw. Kasabay ng pananatiling ito ay ang mga bagay na maaari mong pagkakaroon ng ambag hindi lamang sa iyong sarili, o bansa, kundi para sa sangkatauhan.

Bilang isa sa mga pinakamalaking lahi sa mundo, tayong mga Pilipino ay binigyan ng kakaibang pagkakakilanlan dahil sa ating kasaysayan, heograpiya, lahi, relihiyon, at wikang pinagyaman ng panahon.

Ang wikang ito ay sumabay sa mabilis na agos ng modernisasyon at patuloy na lumalaban upang mabuhay sa kabila ng iba't ibang linggwahe sa buong mundo.

Ang wikang Filipino ay nananatiling matatag sa kabila ng napakaraming pagsubok. Ito ay matapang na nakisabay sa iba't ibang dayuhang wika na humahalo sa malawak na bokabularyo ng Filipino. Hindi pa rin maitatanggi na ang ating wika ay tulad rin ng ating mga bayani na handang ialay ang kanilang buhay para lang makamit ang ating mga aspirasyon, pagpupunyagi, at kasarinlan.

Anuman ang mangyari, saan man tayo dalhin ng ating mga tadhana, saan man tayo dalhin ng takbo ng panahon, nakakabit na sa bawat isa sa atin ang makulay at walang katapusang pag-aaral at pananaliksik. Pananaliksik na susukat sa ating pagkatao, pananaliksik na magbibigay halaga sa ating pagkatao, pananaliksik na siyang magpapatuloy sa malawak na buhay ng sangkatauhan at siyang magpapatunay sa taglay na talino na meron tayong mga Pilipino.

Lahing Pilipino na may wikang Filipino, ang wika ng saliksik.

*Ito ang entry ni Alvin Alon na nanalong 1st place sa Tertiary School Association (TESA) School Association Competition noong Setyembre 17-19 2018.*

# Kalusugang Pangkaisipan ay ...

◀ 11

magbigay ng karagdagang benepisyo sa mga sakop nito kabilang na ang ilang *health insurance* partikular na ang PhilHealth upang matugunan ang pangangailangang pinansyal at pambili ng iba't ibang uri ng gamot ng mga mamamayan.

Ayon sa Department of Health (DOH), isa sa limang matatandang Pilipino ang nakararanas ng problema sa pag-iisip tulad ng *schizophrenia*, depresyon, at pag-aalala.

Natuklasan ng World Health Organization (WHO) na mayroong 2,558 kaso ng pagpapakamatay sa bansa dahil sa *mental disorders.*

Dahil dito, nakita ng kongreso ang matinding pangangailangan sa pangangalaga ng ating kaisipan. Ang pangangalaga sa ating kaisipan ay isang paraan ng pagmamahal natin sa ating mga sarili upang mabuhay tayo nang matiwasay. Nakatutulong ito upang tayo'y manatiling positibo sa araw-araw.

Tulungan mo ang iyong isip na ipakita ang kakayahan mo.

## Mga Katangiang Kailangan sa Isang Negosyo

ni Jane Claire Jamili

Ang pangangasiwa sa isang maliit o malaking negosyo ay kailanman ay hindi magiging madali. Kailangan mong maging organisado at bukas sa iba't ibang posibilidad na maaari mong kaharapin habang ikaw ay nasa ganitong uri ng industriya. Ang pagpapatakbo sa isang negosyo nang maayos kasabay ng pagbabalanse sa personal na buhay ay nangangailangan ng maraming sangkap upang makamit ito. Gaya nga ng sabi ni Richard Branson, isang dayuhang negosyante, *investor*, at awtor, "Kung kaya mong patakbuhin ang isang maliit na negosyo nang maayos ay kaya mong patakbuhin ang ano mang uri nito."

**Narito ang ilang epektibong payo kung paano mapatatakbo ang iyong maliit o malaking negosyo:**

1. ***Huwag matakot sumugal.***
Ang pagpapatakbo ng isang negosyo ay katulad ng pag-akyat sa tuktok ng bundok. Ang mga problema at sugat sa pagsisimula ay ang mga pagsubok, at ang sipag at tiyaga na ibinubuhos mo sa iyong ginagawa ay ang istratehiya upang mapagtagumpayan ito. Ang pagtatagumpay sa negosyo ay isang mahabang lakbayin at nagiging mas masarap ang paglasap dito kung sasariwain mo ang lahat ng mga pagsubok na pinagdaanan mo bago ka pa magtagumpay.

2. ***Alamin ang lamang ng iyong negosyo.***
Ang negosyo ay isang industriyang hindi nawawalan ng mga katunggali. Sila ang mga banta sa iyong kabuhayan lalo na kung hindi mo pag-iisipang mabuti kung paano sila lalamangan o masasabayan man lamang. At para mabigyan sila ng mainit na laban, kailangan mong malaman kung ano at kung saaan nakalalamang ang iyong negosyo. Alamin mo kung ano ang patok sa iyong mga kliyente at pag-isipan mo kung paano makaaangat mula sa mga katunggali. Sa paraang ito ay mapananatili mo ang pagtangkilik ng masa sa iyong negosyo.

3. ***Susi ang pagiging konsistent.***
Ang pagiging konsistent sa pagpapatakbo ng negosyo ay isa ring maituturing na susi patungong tagumpay. Nakatutulong ito upang magpabalik-balik ang mga kliyente sa pagbili at pagtangkilik ng sarili mong produkto. Sa pamamagitan nito ay nakabubuo ka ng magandang impresyon sa lahat ng mamimili at ng pangmatagalang pundasyon para manatiling tumatak ang iyong negosyo.

4. ***Maging matalino sa paggawa ng desisyon.***
Ang pagpapasya ang isa sa maituturing na pinakamahirap gawin pagdating sa negosyo. Maaaring makabuti o di kaya naman ay makasama ito sa kabuhayan. Gayon pa man, ang pagkakaroon ng matalinong desisyon sa lahat ng pagkakataon ay makatutulong upang mailagay sa ayos ang lahat; upang makabuo ng magandang impresyon sa kliyente at upang patuloy na lumago ang negosyo.

5. ***Magbantay at maging mapanuri.***
Ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa negosyo ay isang mabuting paraan upang mapadali ang pagpapatakbo nito. Gayon pa man, mas mabuti pa ring magkaroon ng mga listahan lalo na pagdating sa mga resibo, transaksyon at iba pa. Bagama't makaluma ang labas nito ay mainam nang magkaroon ng ganitong uri ng pamamaraan upang mabantayan at masuri ang takbo ng negosyo.

Ang pagkakaroon ng sariling negosyo ay pagpapakita ng katapangan. Kailangan mo ng maraming lakas ng loob upang makapagsimula at kailangan mong maging isang mandirigma upang mapatakbo ito nang maayos. Ang mga bagay na ito ay tiyak na makatutulong upang mapanatili at mapag-ibayo ang kabuhayan at upang makapagbigay ng kalidad na serbisyo sa mga kliyente sa negosyo.

# KWENTO NG MGA KASAPI

## *Sophie's Gourmet: Ang Paraan ng Pagmamahal ng Isang Ina*

ni *Je'iro Lazareo Aclan*



Si Supena S. Solis, madalas na tawaging "Sophie", 65 taong-gulang, ang mukha at utak sa likod ng Sophie's Gourmet na tagapaghain ng produktong parehong masustansiya at swak sa panlasa ng mamimili.

Noong Nobyembre 2015, sa halagang P2,000 na badyet, si Sophie at ang kaniyang isang anak na si Thea Larrah, isang *food technologist*, ay nagsagawa ng isang kakaibang *recipe* para sa sardinas. Nagsimula silang magluto gamit ang isang maliit na *steamer* na tanging 13 bote lamang ang napagkakasya noong mga panahong iyon. Nakatulong din ito upang mailihis ni Thea ang kaniyang atensyon mula sa isipin at upang makarekober mula sa kaniyang *chemotherapy* simula nang matuklasang siya ay may sakit na kanser.

Unang ipinatikim ni Sophie ang kaniyang *home-made gourmet* na sardinas sa kaniyang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan bilang pamaskong regalo noong taong iyon. Ikinatuwa at nagustuhan nila ito kung kaya't hinikayat nilang gawing negosyo ang paggawa ng masarap na sardinas.

Bago pa man gumawa ng sardinas, simula taong 2010 ay naglalako na si Sophie ng mga produkto mula sa pastelerya bilang karagdagang pantustos para sa kaniyang pamilya. "Hilig ko talaga ang gumawa ng pastilyas, keyk, at tart. Bata pa lang ako, alam kong ito na ang paborito at gustong-gusto kong gawin. Kaya naman isang malaking tulong na maituturing ang karanasan ko sa pagbi-bake sa pagsisimula ng negosyong ito," sabi ni Sophie.

Sa halagang P30,000 na kapital ay sinimulan nilang itayo ang Sophie's Gourmet. Pagkalipas ng isang buwan ay nabawi na nila ang kanilang ipinuhunan.

Bukod dito ay nakiisa rin si Sophie sa Association of Laguna Food Processors (ALAFOP) na nakapagpakilala sa kaniya sa mga potensyal na kasosyo at kliyente. Dahil dito ay nakadalo siya sa iba't ibang palihan o *seminar* na nakapagbigay sa kaniya nang sapat na kaalaman upang patakbuhin nang maayos ang kaniyang lumalagong negosyo. Sa kalagitnaan ng taong 2016, isang kawani mula sa Mga Likha ni Inay (MLNI), isa sa mga *marketing institutions* ng CARD MRI, ang nag-imbita sa kaniya upang humingi ng tulong mula sa CARD Leasing and Finance Corporation (CLFC).

Ang CLFC, kasama ng CARD-Business Development Service Foundation (CARD-BDSFI) at iba pang opisina ng CARD MRI ay may layuning subaybayan ang pag-unlad ng mga sinimulang negosyo ng mga *microentrepreneurs* sa bansa.

"Nabigyan kami ng karagdagang tulong pinansyal ng CLFC upang magkaroon ng mga kakailanganing kagamitan at makina upang mapabilis at mapadali ang produksyon ng sardinas. Palagi silang handang tumulong lalo na kung kailangan namin ng karagdagang pondo para sa negosyo," pagpapasalamat ni Sophie.

Sa patuloy na pagdami ng *demand* at paglago ng produksyon ay naging mas handa na ang Sophie's Gourmet Sardines na lumabas at makilala sa mas malaking pamilihan ng mga konsyumer. Sa pagkakataong ito ay nagsilbing instrumento ang MLNI upang ipakilala ang mga produktong sardinas sa mas malawak na merkado at mga pamilihang bayan.

"Ang mga produkto namin sa ilalim ng Mga Likha ni Inay ay nailalako sa iba't ibang pamilihan at mga kilalang mall sa lungsod ng Maynila kabilang na ang SM Supermalls at Rockwell. Malaki ang naitulong nila lalo na sa pag-abot nang mas malalaking pamilihan," dagdag pa niya.

Makapamimili ang mga kliyente mula sa iba't ibang produkto ng Sophie's Gourmet sardines tulad ng tawilis, tamban, bangus, tinapa, at tuyo na pare-parehong iniluto gamit ang *corn oil*, *dried kamias,* mga pampalasa tulad ng sili, *lemon juice*, bawang, at iba pang pinagsama-samang lahok at inilagay sa isinelyong bote. Ang mga produktong ito ay may *shelf life* sa loob ng isang taon.

Sa kasalukuyan, ang Sophie's Gourmet ay mayroon nang mas malawak na lugar para sa produksyon ng sardinas mula sa pagluluto, pagpapalamig, at pagbobote ng mga naturang produkto. Gayon din, kasabay ng paglago ng produksyon ng Sophie's Gourmet ay nakapagbigay ito ng karagdagang pangkabuhayan sa marami nitong kapitbahay. Ang mga tauhang ito ay katuwang nila sa paghahanda ng libo-libong bote ng sardinas kada buwan.

Bukod pa rito, tinutulungan din ni Sophie ang kaniyang mga kasosyo at kliyente sa CARD mula sa Talisay, Batangas dahil sila ang nagsisilbing *supplier* ng kaniyang pangunahing sangkap sa paggawa ng sardinas. "Ang pagtulong at paglago ng ibang tao mula sa produksyon ay isa sa mga mahahalagang bagay na pinagsisikapang gawin ng Sophie's Gourmet," aniya.

Ayon kay Julius Adrian R. Alip, punong tagapamahala ng CARD-BDSFI, ang maayos na ugnayan ng mga negosyante ay isa sa mga paraan upang umangat ang ekonomiya ng isang komunidad at mga mamamayan nito. "Napakahalaga ng pamamahala ng *value chain* para sa mga MSMEs. Hindi lahat ay may pagkakataong makapasok sa mas malaking pamilihan o magkaroon ng koneksyon sa malalaking kompanya at negosyante," sabi ni Alip.

"Isa ito sa mga pinagsisikapang mapunan ng CARD-BDSFI," dagdag pa ni Vladimer D. Sanchez, direktor ng MLNI.

Umaasa ang Sophie Gourmet Sardines na sa pamamagitan ng CARD-BDSFI ay maaabot pa nito ang mas maraming kliyente ng CARD upang maging *supplier* ng kanilang mga pangunahing sangkap.

Sa mata ng iba, naabot na ni Sophie ang pinakamataas na tagumpay sa negosyo. Ngunit para sa kaniya, patuloy na mapapaunlad ang produksyon nito. Pangarap din niyang maipakilala sa labas ng bansa ang kaniyang produkto sa mga susunod na taon.

"Huwag tumigil sa pangangarap; huwag tumigil sa pag-abot ng mga ito. Huwag mawalan ng pag-asa kahit pa dumating ang mga pagsubok. Pagtrabahuan mo at pagtiyagaan. Higit sa lahat, ipanalangin mo," pagtatapos ni Sophie.

## Kaya mo at Kakayanin mo

ni *Neliza Largueza*

Lahat tayo ay may kakayahang baguhin ang ating kalagayang panlipunan lalo na kung hindi nakikiayon sa atin ang pagkakataon. Ito ang kwento ni Fatima Managat na lumaki sa isang lipunan at pamilyang salat sa yaman.

Si Fatima ay panlima sa pitong magkakapatid. Ang ina niya ay isang ulirang maybahay at karpintero naman ang kaniyang ama. Ang kinikita ng kaniyang mga magulang ay hindi sapat upang maitawid ang tatlong beses na kainan sa isang araw.

"Bata pa lang ako ay kinaiinggitan ko na ang ibang bata dahil naibibigay sa kanila ang kanilang mga pangangailangan at nakukuha nila ang lahat ng kanilang mga gusto," sabi ni Fatima. Gusto niyang maging isang *manager* balang-araw upang maranasan niya na magkaroon nang mas maayos na buhay.

"Ipinagdiwang namin noon ang ika-7 kong kaarawan sa isang sikat na *fast food chain* sa bansa. Nakita ko noon ang isang magandang dalaga na nakabihis ng magara at naka-make-up pa. *Manager* siya roon at simula noon ay ginusto kong maging katulad niya," kwento ni Fatima.

Naging mas mahirap ang sitwasyon para kay Fatima lalo na noong pumanaw ang kaniyang ina at ama. Sa kabila ng matinding pagsubok ay nagsikap pa rin siya upang maabot ang mga pangarap kahit wala man ni isa ang sumusuporta sa kaniya. Pagkatapos niyang mag *high school* ay nagpasya siyang mamasukan. Sa kabutihang-palad ay nakapasok siya at natanggap bilang isang *service crew.*

"Naniniwala ako na ang pagtitiyaga ay palaging may

▶ 15

# Zero Dropout Program: Ang katuparan ng isang pangarap

ni Je'iro Lazareo Aclan

"Pangarap kong maging guro sa aming komunidad upang matulungan ang mga kabataan sa pag-abot ng kanilang mga pangarap sa pamamagitan nang maayos na edukasyon."

Ito ang sagot ni Manilyn Namoc nang siya ay tanungin tungkol sa kaniyang pangarap na propesyon. *Grade 6* na ngayon si Manilyn at nag-aaral sa Cansibao Elementary School. Ang kaniyang ina ay nagtitinda ng kakanin habang ang kaniyang ama ay isang *foreman*.

Magkaroon man ng pagsubok sa pinansyal ang kaniyang pamilya at hadlangan man nitong maabot ang kaniyang mga pangarap, hindi ito nangangahulugang hindi na ito mangyayari, ayon kay Evelyn, ang ina ni Manilyn.

"Talentado at mahusay na bata si Manilyn. Gusto niya ang Mathematics, at chess ang paborito niyang laro. Bilang ina, hindi ko dapat ito isawalang-bahala. Salamat sa CARD, Inc. para sa *education loan program* na ibinigay nila sa amin," ibinahagi ni Evelyn.

Si Evelyn ay isa lamang sa mga benepisyaryo ng Zero Dropout Program na inaalok ng apat na *financial institutions* ng CARD MRI kasama ang CARD, Inc.

Ang programang ito ay itinatag noong 2011 at naglalayong magbigay ng *education loan assistance* sa mga pamilya na may mga anak na nasa elementarya upang patuloy na makapag-aral at magkaroon ng maayos na buhay sa hinaharap.

Sa paglipas ng mga taon, ang mga mag-aaral sa elementarya na naging benepisyaryo ng nasabing programa ay nasa sekondarya na. Kaya naman, ipinaaabot ng programa ang suporta sa mga mag-aaral ng *high school* at *senior high school*, na sinusunod ang kaparehang adbokasya na bawasan ang bilang ng mga kabataang tumitigil sa pag-aaral.

Ang Zero Dropout Program ay itinatag ng yumaong Washington SyCip, ang founder ng SyCip Gorres Velayo & Co.) at ng WS Family Foundation, kasama ang kaniyang mga kaibigan sa Charles and Agnes Kazarian Eternal (CAKE) Foundation at CARD MRI. Ang *education loan program* na ito ay itinulad sa regular na programang *microfinance* ng CARD MRI ngunit may mas maliit na interes.

Ang programa, ayon kay CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento, ay binuo upang magbigay ng tulong pinansyal sa pag-aaral ng maraming kabataan. "Ang pagbibigay edukasyon sa ating mga anak ay isang *long-term investment*. Dahil dito, kailangan nating isaayos ang ating proseso. Ang layunin ay magkaroon ng magsisipagtapos sa kolehiyo na makatutulong sa pagpapaunlad ng ating ekonomiya," dagdag ni Sarmiento.

Ang *loanable amount* para sa elementarya ay mula P1,000 hanggang P3,000 habang ang sa *high school* at *senior high school* naman ay P10,000. Lahat ng ito ay ginawang posible upang suportahan ang ilan sa mga gastusin sa pag-aaral ng mga bata.

"Ito ay tungkol sa pribilehiyo. Kaya kapag walang sinuman ang may kakayahang magkamit ito, ang CARD MRI ang magbibigay nito sa kanila," ibinahagi ni Sarmiento.

Simula noong Hunyo 30, 2018, ang programa ay nakapagbigay na ng tulong pinansyal sa 642,207 miyembro ng CARD MRI na may 800,954 na mga anak na nasa elementarya at ilang mag-aaral sa sekondarya. Ang mga miyembro ay may kabuuang *loan* na P3.82 billion at *repayment rate* na 99.51%.



Si Marilyn Namoc (kanan) at ang kanyang Nanay Evelyn (kaliwa), na patuloy na lumalaban sa hamon ng buhay.

Ngayong buwan ng Oktubre ang unang *death anniversary* ni SyCip. Matapos ang kaniyang *retirement* noong 1996, ipinagpatuloy niya ang kaniyang *business* at *civic efforts* kabilang ang pampublikong edukasyon at pangkalusugan, *microfinance*, at *entrepreneurship.*

"Si SyCip ay naging isang mabuting tagapaggabay ng CARD MRI. Ang kaniyang buhay at mga ginawa ay nagbigay ng inspirasyon sa aming lahat," ibinahagi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chairman emeritus ng CARD MRI.

Tiniyak ni Dr. Alip na patuloy na palalakasin ng CARD MRI ang adbokasya na pinangunahan ni SyCip. "Aabutin ng Zero Dropout Program ang mas marami pang bata dahil walang rason upang sila ay huminto sa pag-aaral," dagdag ni Dr. Alip.

Base sa 2017 Annual Poverty Indicators Survey (APIS) na isinagawa ng Philippine Statistics Authority (PSA), humigit-kumulang siyam na porsyento sa tinatayang 39.2 milyong Pilipinong edad anim hanggang 24 ang out-of-school children at youth (OSCY).

Ang OSCY, ayon sa PSA, "ay tumutukoy sa mga miyembro ng pamilya na may edad anim hanggang 14 na taong gulang na hindi pumapasok sa paaralan; at mga miyembro ng pamilya na may edad 15 hanggang 24 na taong gulang na kasalukuyang *out of school,* walang trabaho, at hindi nakapagtapos ng kolehiyo o *post-secondary course*."

"Marami pang trabaho ang kailangang gawin. Kailangan naming siguraduhin na ang bawat pamilya ay mayroong isang napagtapos sa kolehiyo," diin ni Dr. Alip, pagdaragdag pa na ang *One Family, One Graduate* program ng CARD MRI ay itinatag noong 2016.

Ang programa ay gawain ng CARD MRI upang matiyak na sa bawat pamilya na kanilang pinagsisilbihan ay mayroong isang makapagtatapos sa kolehiyo na magdadala nang mas masiglang ekonomiya para sa buong pamilya.

Kapag nakapagtapos na si Manilyn ng S*enior High School*, si Evelyn ay maaari nang kumuha ng *college education loan.*

Kung mabibigyan ng pagkakataon, si Manilyn ay maaaring mabigyan ng *scholarship* para sa kaniyang pag-aaral sa kolehiyo. Ang *scholarship* na ito ay nagbibigay ng *quarterly allowances* sa mga karapat-dapat at mahuhusay na mag-aaral sa kolehiyo.

Upang makakuha ng *scholarship*, ang kliyente ng CARD ay dapat na mahigit tatlong taon nang miyembro ng CARD na may 100% *repayment* rate at 90% *attendance* sa mga *center meetings.* Ang *student-beneficiary* naman ay dapat makakuha ng mataas na marka sa *qualifying exam*.

Nagpapasalamat si Evelyn sa magandang kinabukasan na tiniyak ng CARD sa kaniyang pamilya. "Habang kami ay narito, susuportahan namin ang CARD MRI. Naniniwala akong mas marami pang pamilya ang makikinabang sa mga programa ng CARD MRI patungkol sa pagsupil ng kahirapan," dagdag ni Evelyn.

"Ang lahat ay maaaring magkaroon ng susi upang buksan ang pintuan na daan sa magandang bukas. Edukasyon ang susi. Hindi dapat maging hadlang ang kahirapan sa pag-abot ng mga pangarap," pagtatapos ni Dr. Alip.

## Kaya mo at kakayanin...

◀ 14

kapalit na pagpapala. Nang magsimula akong magtrabaho ay palagi kong hinihigitan ang mga bagay na inaasahan mula sa akin," pagdadagdag ni Fatima. Pagkatapos ng ilang taong pagtatrabaho ay na-promote siya bilang isang *manager.*

Sa paglipas ng panahon ay nagbago ang takbo ng buhay ni Fatima at ng kaniyang pamilya. Nagkaroon ng kaniya-kaniyang pamilya at trabaho ang mga kapatid niya kung kaya't napagdesisyunan na rin niya na magkaroon ng sariling pamilya. "Di nagtagal ay tumigil siya sa pagtatrabaho upang alagaan ang kaniyang mga anak. "Nang umalis ako sa trabaho, ang panggastos namin sa araw-araw ay nakadepende sa kinikita ng aking asawang si Ronald na isang traysikel drayber," dagdag pa niya.

Dahil sa maliit at kulang na panggastos, nag-isip si Fatima ng ibang paraan para makahanap ng pagkakakitaan at ito ay sa pamamagitan nang pagpapatayo ng maliit na tindahan mula sa kanilang ipon. "Mataas na ang presyo ng mga bilihin kaya limitado ang bilang ng mga paninda ko na maituturing ko namang magandang simula," sabi ni Fatima.

At noong taong 2017, nakilala ni Fatima si Merlyn, isang Account Officer (AO) ng Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc. (A Microfinance NGO). Ibinahagi ni Fatima na nahikayat siya na makiisa dahil sa mura at abot-presyong produkto ng naturang institusyon.

"Sa halagang P70 kada linggo ay magkakaroon ka na ng ipon at pribilehiyo mula sa institusyon. Maliban dito ay mababa rin ang interes," ani Fatima na tuwang-tuwang maging kabahagi ng CARD, Inc. Sa loob lamang ng isang taong pagiging bahagi ng CARD, Inc., ang tindahan ni Fatima ay lumago. Nagsimula siyang mag-loan sa halagang P2,000 at umakyat ito sa P20,000.

"Masaya akong magkaroon ng higit pa para sa pangangailangan ng aking pamilya. May katuparan ang lahat ng pangarap kung malakas ang loob mo na abutin at pagtagumpayan ang mga ito," ayon kay Fatima.

Ang CARD, Inc. ay isang institusyon na may layuning supilin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pampinansyal sa mga komunidad kasabay ng mga programang makatutulong sa pagpapaunlad sa isang komunidad. Sa kasalukuyan, ang CARD, Inc. ay nakapaglilingkod sa higit 1.9 na milyong kliyente sa buong bansa.

# ENTERTAINMENT

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | H | L | M | I | L | V | Z | O | B | M | Y | I | P | S | A |
| A | W | P | G | I | G | A | B | I | A | S | S | T | M | A | S |
| T | A | C | O | H | P | E | G | U | T | P | A | R | A | N | Y |
| S | P | U | B | G | T | H | S | G | B | Y | M | E | S | A | A |
| T | A | G | P | S | A | M | T | A | A | D | P | B | R | P | M |
| J | E | M | S | A | N | P | A | B | L | O | L | L | O | L | I |
| H | A | M | P | M | T | I | L | U | A | T | E | A | Z | A | B |
| S | T | E | R | A | I | B | O | Z | N | I | Y | A | N | A | P |
| A | Z | K | I | R | L | A | U | M | G | N | S | M | B | E | T |
| P | A | B | L | A | O | O | K | T | I | L | O | I | L | O | A |
| A | J | S | G | M | A | E | K | S | G | A | M | L | E | N | C |
| D | A | U | R | O | E | P | I | L | A | I | A | Q | H | E | L |
| Z | N | D | I | S | A | R | T | B | A | G | Z | O | D | L | O |
| A | R | A | P | F | T | V | N | A | Q | K | U | K | X | A | B |
| N | M | A | R | V | A | O | A | O | G | Y | E | B | A | J | A |
| K | L | A | G | U | M | S | H | D | B | A | Q | S | A | H | N |

## "HIJOS TOURS" WORD SEARCH:

Hanapin sa itaas ang mga lugar kung saan nagtotour ang Hijos Tours. Maaaring pahalang o pababa ang mga salita. Kuhanan ng larawan ang iyong sagot at ipadala sa Facebook account ng CARD MRI para sa P10 load.

San Pablo
Balangiga
Iloilo
Sampaloc Lake
Tacloban

Baguio
Davao
Panay
Laguna
Samar




**Adopt-a-Branch ng CARD...** ◀ 7

Foundation sa CARD, Inc. "Ang tatlumpung taong pagpapaunlad ng mga komunidad ay isang tagumpay na dapat ipagdiwang. Congratulations, Aboitiz Foundation, at salamat sa pakikipagtulungan sa paglaban sa kahirapan sa bansa," dagdag ni Dr. Alip.

**Tungkol sa Aboitiz Foundation**

Ang Aboitiz Foundation ay isang *corporate foundation* ng Aboitiz Group na itinatag noong 1988. Ang layunin nito ay humimok ng pagbabago para sa mas maayos na daigdig sa paraan ng pagsulong ng mga negosyo at komunidad sa pamamagitan ng mga programang pang-edukasyon, pangkalikasan, at *enterprise development*.

Mula 1988, ang corporate social responsibility (CSR) *interventions* ng Foundation ay lumaki mula sa *one-time donations* para sa maingat na pagdidisenyo ng mga programa na mag-uudyok sa mga benepisyaryo nito na ituloy ang kanilang mga pangarap.

Sa kasalukuyan, ang Aboitiz Foundation, sa pamamagitan ng Aboitiz *business units*, ay bumubuo at nagpapatupad ng "CSR 2.0" projects na naglalayong gumawa ng *safe, empowered,* at *sustainable* na komunidad. Ang mga CSR 2.0 *projects* na ito ay nakahanay sa *core competencies* ng Grupo, *scalable* sa buong bansa, upang lumilikha ng mas malalim at malaking epekto sa mga komunidad at benepisyaryo na kanilang pinagsisilbihan.

